Taunang Abiso para sa Survey ng Pagpapaunlad sa Patas na Edukasyon para sa mga Mag-aaral (SEED) ng Oregon

PAGPAPAANGAT SA TINIG NG MGA MAG-AARAL

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Oregon (ODE, Oregon Department of Education) ay lubos na naninindigang matulungan ang bawat isang mag-aaral na matuto, malinang, at magtagumpay. Ang ODE ay naninindigan ding makapagbigay ng mga pagkakataon para sa feedback at input upang tuloy-tuloy na mapabuti ang mga karanasan sa edukasyon para sa lahat ng mag-aaral sa Oregon. Ang Pagpapaunlad sa Patas na Edukasyon para sa mga Mag-aaral (SEED, Student Educational Equity Development) ay tutulong sa ODE na mangalap ng impormasyon tungkol sa mga karanasan sa edukasyon ng mga mag-aaral sa Oregon. Sa tulong ng impormasyong ito, makapagtataguyod ang ODE ng mga angkop na resource at suporta para sa mga distrito sa Oregon, at maitatarget nito nang mas mabuti ang mga resource na iyon kung saan may pinakamatinding pangangailangan. Ang datos mula sa Survey ng SEED ay maaari ding makatulong sa mga distrito na makapagtaguyod ng mas buong larawan ng kanilang mga lokal na konteksto at makagawa ng mga estratehikong pagbabago sa kurikulum, pagtuturo, at mga kaugnay na suportang akademiko na iniaalok nila sa mga mag-aaral.

ANG SURVEY NG SEED AY…

- **…nagbibigay ng pagkakataong mapakinggan nang direkta ang mga mag-aaral.** Ang Survey ng SEED ay nagkakaloob sa mga mag-aaral ng pagkakataong maipahayag ang kanilang mga karanasan sa sistema ng edukasyon ng Oregon.
- **…idinisenyo upang maunawaan kung paano nakikibahagi at kung ano ang dinaranas ng mga mag-aaral sa paaralan.** Sa survey, itinatanong sa mga mag-aaral ang tungkol sa kanilang access sa mga mapagkukunan ng kaalaman, pagkakataong matuto, paniniwala sa sariling kakayahan, at pakikibahagi.
- **…nakalaan upang tugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.** Ang mga mag-aaral ay may access sa mga suporta sa pag-access na nakukuha rin nila sa mga pagtatasa sa buong estado. Mayroon ding Alternatibong Survey ng SEED, na idinisenyo para sa mga mag-aaral na dumaranas ng malulubhang kapansanang kognitibo o kaugnay ng pagkatuto.
- **…aabutin nang 10-20 minuto bago matapos.** Ang survey ng SEED ay maikli lang at naglalaman ng mga tanong na may mga mapagpipilian para sa baitang 3-11 at mga karagdagang tanong na open-ended o malayang masasagutan para sa baitang 6-11.
- **…kumpidensiyal**. Kumpidensiyal ang mga sagot ng mga mag-aaral sa survey maliban na lang kung ang sagot ng isang mag-aaral ay nagsasaad ng bagay na posibleng ikapahamak ng mag-aaral o ng iba pa. Kapag natukoy ang sagot ng isang mag-aaral bilang bagay na nag-aalerto tungkol sa isang posibleng krisis, ibabahagi ang sagot ng mag-aaral sa mga lokal na kawani ng paaralan upang matiyak ang kaligtasan ng mag-aaral. Maliban sa sitwasyong nag-aalerto tungkol sa isang posibleng krisis, ang mga indibiduwal na sagot ng mga mag-aaral sa Survey ng SEED ay hindi ibabahagi sa mga paaralan, distrito, at estado. Ligtas na nakaimbak ang mga sagot sa Survey ng SEED, at makikita lang ang mga ito ng ilang kawani sa ODE upang magsuri ng datos at maihanda ang datos ng survey para sa pag-uulat sa mga paraang nagpoprotekta sa pagkakumpidensiyal ng mga mag-aaral.

PAGLALARAWAN NG MGA KARAPATAN

Ang batas ng Oregon (Panukalang Batas Blg. 2656) ay nag-aatas sa bawat distrito ng paaralan na ipasagot ang Survey ng SEED sa mga mag-aaral sa baitang 3-11. Maaaring tumanggi ang mga magulang o tagapag-alaga na palahukin ang kanilang mag-aaral sa Survey ng SEED, sa paraang pasalita o sa isang sulat. Magbibigay ang mga paaralan sa mga magulang ng abiso tungkol sa pagpapasagot at sa proseso para sa pagtangging lumahok nang hindi iikli sa 5 araw bago ipasagot ang Survey ng SEED. Maaari ding tumangging lumahok ang mga mag-aaral, kahit kailan, sa paraang pasalita o sa isang sulat. Maaari ding tumanggi ang mga mag-aaral na sumagot ng mga indibiduwal na tanong sa survey ng SEED.

Form para sa Paglahok sa Survey ng SEED

PALUGIT SA PAGPAPASAGOT SA BUONG ESTADO

Ipasasagot ang Survey ng SEED sa loob ng palugit sa buong estado na nakasaad sa ibaba. Pagpapasiyahan ng mga paaralan at distrito ang mga partikular na araw at oras ng pagpapasagot.

Baitang 3-11
02/04/2025 — 06/13/2025

I-SCAN AKO

MAKIBALITA

Para sa karagdagang impormasyon at upang masuri ang Survey ng SEED, pumunta sa webpage ng Survey ng SEED ng Oregon Department of Education o i-scan ang QR code na nasa kanan. Sasagutin ng mga kawani ng paaralan at distrito ang mga karagdagang tanong.

MGA KARAPATAN NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA PARA SA PAGLAHOK SA SURVEY

Sa batas ng Oregon (House Bill 2656), pinahihintulutang tumanggi ang mga magulang o tagapag-alaga na palahukin ang kanilang mag-aaral sa Survey ng SEED, sa paraang pasalita o sa isang sulat. Ang sinumang mag-aaral na hindi lalahok sa Survey ng SEED ay bibigyan ng paaralan ng panahong mag-aral (o iba pang gawain sa pag-aaral) nang may tagapagbantay habang tinatapos ng iba pang mga mag-aaral ang survey.

- Kung gusto mong lumahok ang iyong mag-aaral sa Survey ng SEED, **wala nang iba pang kailangang gawin**.
- Kung ayaw mong palahukin ang iyong mag-aaral sa Survey ng SEED, **pakigawa ang isa sa mga opsiyon sa ibaba**.
    - Upang matulungan ang paaralan ng iyong mag-aaral na makapagplano nang mabuti, pakisumite ang form na ito o makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong mag-aaral nang hindi iikli sa isang araw bago ang unang araw ng pagpapasagot sa survey.

OPSIYON 1

Upang tumanggi sa isang sulat, pakisagutan ang seksiyong ito at isauli ang form na ito sa paaralan ng iyong mag-aaral.

Legal na Apelyido ng Mag-aaral: _____

Legal na Pangalan ng Mag-aaral: _____

Baitang kung saan Naka-enroll ang Mag-aaral: _____

Taunang Abiso para sa Survey ng Pagpapaunlad sa Patas na Edukasyon para sa mga Mag-aaral (SEED) ng Oregon

Paaralan ng Mag-aaral: _____

Nauunawaan ko na sa paglagda sa form na ito, tumatanggi akong lumahok ang aking mag-aaral sa Survey ng SEED para lang sa kasalukuyang akademikong taon.

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga: _____ Petsa: _____

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga na Nakasulat sa Malalaking Titik: _____

OPSIYON 2

Upang tumanggi sa paraang pasalita, makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong mag-aaral sa telepono o bumisita nang personal. Maghandang ibigay ang sumusunod na impormasyon:

- Legal na pangalan ng mag-aaral (pangalan at apelyido)
- Baitang kung saan naka-enroll ang mag-aaral
- Iyong pangalan (bilang magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral)
- Pasalitang kumpirmasyon na gusto mong tanggihan ang paglahok sa Survey ng SEED para sa iyong mag-aaral